# *Mga Mag-Aaral sa Gitna ng Sakuna*

*Daisy D. Lamorinas*
*Western Mindanao State University Curuan Campus, Zamboanga City, 7000*
*Corresponding email: daisylamorinas04@gmail.com*

Sa bawat pagtama ng sakuna sa Pilipinas, hindi lamang tirahan at kabuhayan ang naaapektuhan pati ang kinabukasan ng kabataang Pilipino ay nahahadlangan. Ang edukasyon, bilang pundasyon ng pambansang kaunlaran, ay paulit-ulit na naaantala dahil sa mga kalamidad na dulot ng kalikasan. Ang mga mag-aaral sa bansa ay humaharap sa sunod-sunod na hamon gaya ng suspensyon ng klase, panganib sa kalusugan, kakulangan sa teknolohiya, at mga suliraning pangkaisipan. Ang mga ito ay patunay na ang edukasyon ay isa sa mga pinakaapektadong sektor tuwing may krisis.

Ang madalas na pagsuspinde ng klase sa panahon ng kalamidad ay nagdudulot ng pagkaantala sa aralin at pagkawala ng ritmo sa pagkatuto. Ayon kina Lexter & Alexis (2017) ang paghinto ng klase tuwing may sakuna ay nag-iiwan ng kakulangan sa oras para sa makabuluhang pagtuturo, lalo na kung walang agarang alternatibo upang ipagpatuloy ang aralin. Bukod dito, may mga lugar na hindi agad nakakabalik sa normal na klase dahil sa pinsalang pisikal ng paaralan o imprastraktura sa komunidad.

Kaakibat ng ganitong kalagayan ang panganib sa kalusugan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga lugar na ginagawang pansamantalang tirahan o evacuation center. Sa ganitong mga lugar, madalas na kulang ang pasilidad, at ito ay nagiging dahilan ng pagkakaroon ng karamdaman sa mga bata at kabataan. Kapag ang paaralan ay nagiging tirahan, nawawala rin ang ligtas at angkop na espasyo para sa pag-aaral. Sa ilang pagkakataon, kailangan pang isantabi ang edukasyon upang unahin ang kaligtasan ng sarili at pamilya.

Ang mga sakuna ay isang masalimuot na suliraning pandaigdig; ito ay isang di-maiiwasang katotohanan sa ating buhay (Martin, 2010). Hindi rin maiiwasan ang epekto ng sakuna sa kalusugan ng kaisipan ng mga mag-aaral. Ayon kay Makwana (20219), ang trauma mula sa biglaang paglikas, pagkawala ng ari-arian, o pagkasira ng tirahan ay maaaring magdulot ng labis na pag-aalala, takot, at depresyon. Ang ganitong emosyonal na kalagayan ay nagiging hadlang sa konsentrasyon at interes ng mag-aaral sa pag-aaral. Ang kanilang atensyon ay nalilihis sa pangarap, at mas tumututok sa agarang pangangailangan at kaligtasan.

Sa panahon ng sakuna, higit ring lumalalim ang agwat sa akses ng mga mag-aaral sa teknolohiya. Tinukoy ni Dangle (2020) na ang limitadong koneksyon sa komunikasyon at kakulangan sa kagamitan ay nagsisilbing hadlang sa pagpapatuloy ng pag-aaral, lalo na kung kinakailangan ng alternatibong paraan gaya ng online o modular learning. Kapag may bagyo, lindol, o iba pang kalamidad, nawawala ang kuryente o koneksyon na para sa ilan, ay tanging paraan na lamang upang makasabay sa aralin.

Sa kabila ng mga balakid, patuloy ang pagpapakita ng determinasyon ng mga mag-aaral. Ayon kay Kassymova et al.. (2023), ang katatagan at dedikasyon ng

kabataang Pilipino ay makikita sa kanilang kakayahang magsumikap sa pag-aaral sa kabila ng kawalan ng maayos na pasilidad, tahimik na lugar, o suporta sa teknolohiya. Marami ang gumagawa ng paraan upang maipasa ang kanilang mga takdang-aralin, matuto mula sa alternatibong materyales, at manatiling konektado sa edukasyon, kahit pa pansamantala silang lumikas.

Gayunpaman, tulad ng binigyang-diin ni Kalaivani (2021), hindi sapat ang tiyaga at katatagan ng kabataan upang mapanatiling buo ang kanilang edukasyon. Kailangang may maagap at sistematikong tugon mula sa mga institusyon, pamahalaan, at pamayanang nakapaligid sa kanila. Ang pagtutok lamang sa resilience ay hindi solusyon; kinakailangan ng konkretong plano upang mapanatili ang edukasyon bilang priyoridad, anuman ang kalagayan ng panahon.

Sa huli, ang edukasyon ay hindi dapat mawalan ng saysay tuwing may sakuna. Ito ang tanging yaman ng kabataan na hindi dapat isakripisyo. Ang pagpapatatag ng sistemang pang-edukasyon sa gitna ng krisis ay hindi lamang usapin ng pagbangon, kundi ng pagbibigay-halaga sa karapatan at kinabukasan ng bawat mag-aaral. Sa gitna ng sakuna, dapat manatiling buo ang pangarap at matatag ang daan patungong kaalaman.

## *Talasanggunian*

Dangle, Ysthr Rave. (2020). The Implementation of Modular Distance Learning in the Philippine Secondary Public Schools. 10.33422/3rd.icate.2020.11.132.

Ibasco, Lexter Strike & Fillone, Alexis. (2017). Modeling Of Students Travel Behavior During Class Suspension Due to Bad Weather.

.D, Kalaivani. (2021). Academic Resilience among Students: A Review of Literature. International Journal of Research and Review. 8. 360-369. 10.52403/ijrr.20210646.

Kassymova, G. & Podberezniy, Vladimir & Arpentieva, Mariam & Zhigitbekova, Bakhyt & Schachl, Hans & Aigerim, Kosherbayeva & Aganina, Kundyz & Vafazov, Farid & Golubchikova, Marina & Korobchenko, Andrey. (2023). Building Resilience in Students: Managed and Minimised Stress in Students. OBM Neurobiology. 07. 1-28. 10.21926/obm.neurobiol.2304193.

Makwana N. Disaster and its impact on mental health: A narrative review. J Family Med Prim Care. 2019 Oct 31;8(10):3090-3095. Doi: 10.4103/jfmpc.jfmpc_893_19. PMID: 31742125; PMCID: PMC6857396.

Martin ML. Child participation in disaster risk reduction: The case of flood-affected children in Bangladesh. Third World Quarterly. 2010 Dec 1;31(8):1357–75. Doi: 10.1080/01436597.2010.541086

***DETALYE NG ARTIKULO***

*T-0000004; Natanggap: Hulyo 19, 2025; Tinanggap: Hulyo 22, 2025; Nailathala: Hulyo 24, 2025*

***SIPI:***

*Lamorinas, Daisy D. (2025). Mga Mag-Aaral sa Gitna ng Sakuna. Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI:*

***KARAPATANG-AUTOR***

*© 2025 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.*